Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS
DIVISION OF CITY SCHOOLS - TAGBILARAN CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 498 , s. 2025

Agosto 4, 2025

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025

To: Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan
Lahat ng Kinauukulan

1. Alinsunod sa Memorandum ng Rehiyon Bldg. 0765, s. 2025," Padiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025", ang Tanggapang ito sa pamamagitan ng Curriculum Implementation Division ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang na may temang: **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"** sa Agosto 1-31, 2025.

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1991
b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino hinngil sa wika at kasaysayan
c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng pagriwang

3. Hinihikayat ang lahat ng tanggapan at paaralan ng dibisyon na aktibong makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 sa pamamagitan ng pagkabit ng tarpaulin na nagtatakda sa tema ng pagdiriwang, paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng ugnayang pormal at pakikipag-usap, at pagsuot ng **"Filipinia Attire"** tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto.

4. Kaugnay nito, iminumungkahi ang sumusunod na mga gawaing pangwika para sa taong ito.

- Pagsasagawa ng LikhaWento hinggil sa kahalagahan ng katutubong wika
- Pagsasagawa ng Tahirawan hinggil sa papel ng katutubong wika sa pagbuo ng bayan
- Paggawa ng Bidyokasiya na tumatalakay sa paglinang ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa pag-unald ng isang bansa
- Pagsasanay at paggamit ng Filipino Sign Language
- Pagsulat ng tula, rap at sanaysay

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Address: H. Zamora St., Dampas, Tagbilaran City, Bohol
Telephone Nos.: (038)427-1702; (038)427-2506; (038)422-8177
(038)427-6718; (038)544-2147
Email Address: tagbilarancity.division@deped.gov.ph

- Paggawa ng vlog o maikling dokumentaryo
- Paggawa ng akademikong panulat hinggil sa paglinang ng wikang Filipino at iba pang wikang katutubo tungo sa makabagong panahon

5. Inaasahan ang bawat paaralan na magsumite nang maayos o edited na 5-10 minuto na video ukol sa pagdiriwang via messenger o email sa pandibisyong tagamasid ng Filipino sa Setyembre 5, 2025.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**WILFREDA D. BONGALOS PhD, CESO VI**
Schools Division Superintendent

WDB/JAAL/CID/JTB/ bei